# Receive His Gift

By Elder Patrick Kearon
*Of the Quorum of the Twelve Apostles*

# Tanggapin ang Kanyang Kaloob

Ni Elder Patrick Kearon
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

April 2025 general conference

*You are a beloved daughter of God, you are a cherished son of God, and He has gifted you His perfect, holy Son.*

*Kayo ay minamahal na anak na babae ng Diyos, kayo ay itinatanging anak na lalaki ng Diyos, at ipinagkaloob Niya sa inyo ang Kanyang perpekto at banal na Anak.*

## Gift Giving

Gift giving is a social custom that spans all cultures, civilisations, and millennia. Throughout time, people have given gifts to each other to strengthen relationships, express love and gratitude, and mark important events like weddings, birthdays, and holidays. And humans are not the only ones of God's creations to give gifts to each other! Among many other examples we could point to, penguins are known to give shiny pebbles to their prospective mates, and bonobos (cousins of the chimpanzee) give fruit to expand their circle of friendship.

What gifts have you given? Think of a time when you found—or made—the perfect gift for someone you love. You just knew the gift was exactly what this loved one wanted and something they would treasure. What was the gift? Was it for your mother? a friend? your child? a teacher? your grandfather? How did you feel when you found this gift? How did you feel when you thought about this person you love opening the gift? Similarly, when did someone giveyouthe perfect gift, and what was it like to receive it?

## Pagbibigay ng Regalo

Ang pagbibigay ng regalo ay isang kaugalian ng lipunan na sumasaklaw sa lahat ng kultura, sibilisasyon, at sa kasaysayan ng mundo. Sa paglipas ng panahon, nagbibigayan ng regalo ang mga tao upang patibayin ang mga relasyon, ipakita ang pagmamahal at pasasalamat, at ipagdiwang ang mahahalagang kaganapan tulad ng kasal, kaarawan, at pista-opisyal. At hindi lamang ang mga taong nilalang ng Diyos ang nagbibigay ng regalo sa isa't isa. Kabilang sa maraming iba pang mga halimbawa na maibibigay natin ay ang mga penguin na kilalang nagbibigay ng makintab na mga bato sa kanilang magiging kapareha, at ang mga bonobo (mga pinsan ng chimpanzee) na nagbibigay ng prutas para magkaroon ng mas maraming kaibigan.

Anong mga regalo ang naibigay na ninyo? Isipin ang isang pagkakataon na nakahanap—o nakagawa—kayo ng perpektong regalo para sa inyong minamahal. Alam ninyo na iyon mismo ang regalong gusto at pakaiingatan ng mahal ninyong ito sa buhay. Ano ang regalong iyon? Para ba ito sa inyong ina? isang kaibigan? inyong anak? isang guro? inyong lolo? Ano ang naramdaman ninyo nang makita ninyo ang regalong ito? Ano ang nadama ninyo nang naisip ninyong binubuksan ng taong mahal ninyo ang regalo? Gayundin, kailankayonakatanggap ng perpektong regalo mula sa isang tao, at ano ang paki-

ramdam nang natanggap ninyo ito?

## My Father’s Gift to Me

When I was about seven years old, living with my parents in Arabia, a children’s film calledChitty Chitty Bang Bangwas released. The film is about a magical car that can drive itself, float on water, and even fly! I knew that back home in England they made a miniature toy car just like Chitty Chitty Bang Bang, and oh, how I wanted one! You could pull a lever, and the toy car’s wings would pop out! My father went on a business trip to England and asked if I wanted him to bring anything back for me, and I told him how very much I would like to have one of those Chitty Chitty Bang Bang cars.

He came back from his trip, and no car appeared. I was very sad and thought he must have forgotten. But about 10 days later was my birthday, and a little package, beautifully wrapped, was waiting for me. With great anticipation, and hardly daring to hope too much, I opened the gift and found my car. I was so happy that I cried. I pulled the lever, and the wings popped out, just like the car in the film! How I thanked my father for this most treasured gift. I played with that car for years and kept it for many more. I think my dad loved giving me that car at least as much as I loved receiving it.

## Ang Regalo sa Akin ng Aking Ama

Noong pitong taong gulang ako, at nakatira sa Arabia kasama ang mga magulang ko, isang pelikulang pambata ang ipinalabas na may pamagat naChitty Chitty Bang Bang. Ang pelikula ay tungkol sa isang mahiwagang kotse na maaaring magmaneho ng sarili nito, lumutang sa tubig, at lumipad pa! Alam ko na gumagawa sila sa England ng miniature na laruang kotse na tulad ng Chitty Chitty Bang Bang, at gusto kong magkaroon nito! Hihilahin ninyo ang lever, at biglang lalabas ang mga pakpak ng laruang kotse! Nang pumunta sa England ang aking ama dahil sa negosyo, tinanong niya kung may gusto akong pasalubong, at sabi ko gusto kong magkaroon ng isang kotseng Chitty Chitty Bang Bang.

Pagbalik niya mula sa biyahe, walang siyang pasalubong na kotse. Nalungkot ako at naisip ko na baka nakalimutan na niya. Pero, makalipas ang 10 araw, sa aking kaarawan, isang maliit na pakete, na nakabalot nang maganda ang naghihintay sa akin. Buong kasabikan, at pinipigil na umasa nang husto, binuksan ko ang regalo at nakita ang kotseng gusto ko. Napaiyak ako sa sobrang tuwa. Hinila ko ang lever, at lumabas ang mga pakpak, tulad ng kotse sa pelikula! Nagpasalamat ako talaga sa aking ama sa napakaespesyal na regalong ito. Pinaglaruan ko ang kotseng iyon sa maraming taon at iningatan. Palagay ko ang kasiyahan ng tatay ko sa pagreregalo sa akin ng kotseng iyon ay kasingtindi ng kasiyahan ko sa pagtanggap nito.

## Giving, Accepting and Opening, and Receiving

We can think of gift giving as having three parts to it:

Thegivingof the gift, where the giver selects, makes, or prepares the gift and presents it to the loved one. This involves thoughtful intention on the part of the giver to give something meaningful.

Theacceptingandopeningof the gift, when the recipient accepts the gift from the giver—often with expressions of surprise, gratitude, and excitement—before opening it, sometimes untying a bow and unwrapping the package to discover what the gift is.

## Pagbibigay, Pagtanggap at Pagbubukas, at Pagpapahalaga

Maiisip natin na ang pagbibigay ng regalo ay may tatlong bahagi:

Angpagbibigayng regalo, kung saan ang nagbibigay ay pumipili, gumagawa, o naghahanda ng regalo at ibinibigay ito sa mahal sa buhay. Nangangahulugan ito ng taimtim na layunin ng nagbibigay na makapagregalo ng isang bagay na makahulugan.

Sapagtanggapatpagbubukasng regalo, kadalasang tinatanggap ang regalo mula sa nagbigay—nang may pagkagulat, pasasalamat, at pagkasabik—bago buksan ito, tinatanggal ang ribbon at balot para malaman kung ano ang regalo.

And then there is perhaps the most important part, thereceivingof the gift. To receive a gift sincerely given is so much more than accepting and then opening it. It is more, even, than recognising the worth of the gift and expressing gratitude to the giver. To truly receive a gift, we come to value it for ourselves, put it to full use in our lives, and then remember with thankfulness the giver.

At pagkatapos nito, marahil ang pinakamahalagang bahagi ay angpagpapahalagasa regalo. Ang pagpapahalaga sa regalo na ibinigay nang tapat ay higit pa sa simpleng pagtanggap at pagbukas nito. Mas mahalaga pa ito kaysa sa presyo ng regalo at pagpapasalamat sa nagregalo. Para sa tapat na pagpapahalaga sa isang regalo, pinahahalagahan natin ito para sa ating sarili, ginagamit ito nang husto sa ating buhay, at pagkatapos ay inaalala nang may pasasalamat ang nagbigay.

Receiving a gift is not passive but an intentional and meaningful process that goes far beyond merely opening a package. To receive is to appreciate and connect with both the gift and the heart of the giver in a way that strengthens the bonds between the giver and receiver. Thinking of that toy car brings back a host of golden memories, as I feel once again my father's deep love and care for me, represented by that gift and countless other generous acts.

Ang pagtanggap ng isang regalo ay hindi basta-basta kundi isang sinasadya at makabuluhang proseso na higit pa sa pagbubukas lang ng isang pakete. Ang tapat na pagtanggap ay pagpapahalaga at pag-ugnay sa regalo at sa puso ng nagregalo sa paraang nagpapatibay sa ugnayan ng nagbibigay at tumatanggap. Kapag naiisip ko ang laruang kotse, bumabalik sa akin ang maraming magagandang alaala, habang nararamdaman kong muli ang matinding pagmamahal at pag-aalaga ng aking ama sa akin, na kinakatawan ng regalong iyon.

## Our Heavenly Father's Gifts

OurHeavenlyFather has innumerable gifts of light and truth prepared to shower down on each of us, His treasured children. They flow from our Bounteous Giver like a wellspring in the wilderness from His benevolent heart."Every good gift and every perfect gift is from above, and cometh down from the Father of lights."In our covenant bond with the Father, He is ever the Giver and we the humble recipient.

## Ang mga Regalo ng Ating Ama sa Langit

Ang atingAma sa Langitay may napakaraming kaloob na liwanag at katotohahan na inihanda para ibuhos sa bawat isa sa atin, na Kanyang minamahal na mga anak. Dumadaloy ang mga ito mula sa ating Bukas-Palad na Tagapagbigay tulad ng bukal sa ilang mula sa Kanyang mabuting puso."Ang bawat mabuting kaloob at ang bawat sakdal na kaloob ay pawang buhat sa itaas, na nanggagaling sa Ama ng mga ilaw."Sa ating pakikipagtipan sa Ama, Siya ang laging Tagapagbigay at tayo ang mapagpakumbabang tagatanggap.

## The Greatest of All the Father's Gifts, Through Which All Others Flow

But we could receive nothing without the greatest of all the Father's gifts, His beloved Lamb, His Son, Jesus Christ. All of our Father's gifts flow from and are activated by the Saviour's willing offering in Gethsemane and on the cross and His triumphant Resurrection.Jesus Christ, our merciful Redeemer, is the supreme gift from our Father of lights. "In the gift of his Son hath God prepared [for us] a more excellent way."

## Ang Pinakadakila sa Lahat ng mga Kaloob ng Ama, na Pinagmumulan ng Lahat ng Iba Pa

Pero wala tayong matatanggap kung wala ang pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Ama, ang Kanyang minamahal na Kordero, ang Kanyang Anak, na si Jesucristo. Lahat ng kaloob ng ating Ama ay dumadaloy at pinasigla ng kusang-loob na paghahandog ng Tagapagligtas sa Getsemani at sa krus, at sa Kanyang matagumpay na Pagkabuhay na Muli.Si Jesucristo, ang ating maawaing Manunubos, ang pinakadakilang kaloob mula sa ating Ama ng mga ilaw. "Sa paghahandog ng

kanyang Anak, ang Diyos ay naghanda [para sa atin] ng higit na mabuting paraan."

## One All-Encompassing Gift of Eternal Truth

I would like to talk about one all-encompassing gift of eternal truth that underpins our ability to receive all else our Father desires to endow us with—a vital gift of knowledge that, when fully accepted and received deep in the soul, contextualises the joys and hardships of life and our unanswered questions: It is thatwe really are God's children.That truth is breathtaking! Stunning! And it is not figurative.

Imagine you are hearing this for the first time! You really are His cherished daughter. You really are His precious son. And the path you are on is His plan of happiness. With His omniscient love, He knows exactly who you were before you were sent to earthand what you have experienced so far in your mortal life, and He has mercifully planned for your every tomorrow. And oh, how He yearns to one day have you return to Him, to receive the supreme intent of all His beautiful gifts, eternal life with Him.

The question is not whether this gift of truth is real but whether we will discover and receive it. The gift has already been bestowed upon us by the Father. The price for the ultimate purpose of this gift has already been paid by the Saviour. But if you have been taught this, said this, and sung this truth for years, maybe theawesome wonderof it has long since faded and you no longer feel its power and peace.

If this priceless gift of understanding—and all the goodness, peace, and hope that flow from it—is left unaccepted, unopened, and unreceived, what a terrible loss for us! What a sadness for the Giver! "For what doth it profit a man if a gift is bestowed upon him, and he receive not the gift? Behold, he rejoices not in that which is given unto him, neither rejoices in him who is the giver of the gift."

## Isang Kaloob na Sumasaklaw sa Lahat ng Walang-Hanggang Katotohanan

Gusto kong magsalita tungkol sa isang kaloob na sumasaklaw sa lahat ng walang-hanggang katotohanan na nagdaragdag sa ating kakayahang tanggapin ang lahat ng iba pa na nais ibigay sa atin ng ating Ama—isang mahalagang kaloob na, kapag lubos na tinanggap sa sa kaibuturan ng kaluluwa, ay nagbibigay-kahulugan sa mga kagalakan at paghihirap ng buhay, at sa mga katanungan natin na hindi nasasagot: Ito ay na tayo aytunay na mga anak ng Diyos.Ang katotohanang iyan ay kagila-gilalas! Kamangha-mangha! At ang katotohanang ito ay literal.

Isipin na ngayon pa lang ninyo narinig ito! Kayo ay totoong Kanyang minamahal na anak na babae. Kayo ay totoong Kanyang itinatanging anak na lalaki. At ang landas na tinatahak ninyo ay ang Kanyang plano ng kaligayahan. Sa pamamagitan ng Kanyang pag-ibig na nakaaalam sa lahat ng bagay, alam Niya nang eksakto kung sino kayo bago kayo isinugo sa lupaat kung ano ang naranasan ninyo hanggang ngayon sa inyong mortal na buhay, at maawaing binalak Niya ang bawat bukas ninyo. At inaasam Niya nang labis na balang-araw ay makabalik kayo sa Kanya, upang matanggap ang pinakadakilang layunin ng lahat ng Kanyang magagandang kaloob, ang buhay na walang hanggan kasama Niya.

Ang tanong ay hindi kung totoo ba ang kaloob na ito ng katotohanan kundi kung matutuklasan at tatanggapin ba natin ito. Ang kaloob ay saganang ibinigay na sa atin ng Ama. Ang halaga para sa pinakalayunin ng kaloob na ito ay binayaran na ng Tagapagligtas. Ngunit kung naituro, nasabi, naawit na sa inyo ang katotohanang ito nang maraming taon, marahil angkamangha-manghang kababalaghannito ay matagal nang naglaho at hindi na ninyo nadarama ang kapangyarihan at kapayapaan nito.

Ngunit kung ang walang kapantay na kaloob na pang-unawa—at ang lahat ng kabutihan, kapayapaan, at pag-asa na dumadaloy mula sa Kanya—ay hindi tatanggapin, bubuksan, at ipagpapasalamat na natanggap, ito'y kahina-hinayang! Napakatinding kalungkutan sa Tagapagbigay! "Sapagkat ano ang kapakinabangan ng tao kung ang isang handog ay ipinagkaloob sa kanya, at hindi niya tinanggap ang handog? Masdan,

I invite you to receive, either for the first time or to a greater extent than ever before, the magnificent realisation that you truly are God's beloved child. You must undo the bow, tear off the wrapping paper, open the box, and actively receive with grateful humility a true, pure understanding of this foundational truth. The Holy Spirit can bear witness to your heart that you are indeed a child of the Most High.

When you welcome this majestic reality into your very soul and feel both the comfort and the thrill of it, your entire paradigm shifts! You can feel His love, hear His voice, and recognise His hand, no matter what is happening, or not happening, in your life.You can redefine how you see yourself and others. Your covenant bond with your Saviour becomes even stronger, and through the lens of this sweet gift, life takes on new brilliance, beauty, and hope.

Please, will you pray to understand if you are truly receiving this transformative knowledge deep in your soul? Will you please accept the gift? Will you do so more deeply, more freely, more abundantly than you ever have before—and in so doing be showered with all of those other gifts that come with it?

## Receiving This Gift of Eternal Truth

You may be wondering, "What do I have todoto receive this gift from God?" Well, actually, nothing. It is a gift from the Giver. It is simply a fact. Just let it in. YouareHis child. You are beloved of Him. Do not complicate it. Do not block the receiving of this gift with thoughts that you are somehow undeserving. The reality is none of us is "deserving"—all the Father's gifts are received only through the merits, mercy, and grace of the Holy Messiah,but how His generous heart longs for each of His children to receive them! Then, as your new or renewed understanding dawns on you, rejoice in thanking the Giver

hindi siya nagsasaya sa yaong ibinigay sa kanya, ni nasisiyahan sa kanya ang siyang nagkaloob ng handog."

Inaanyayahan ko kayong tanggapin sa kauna-unahang pagkakataon, o sa mas marubdob kaysa rati, ang maluwalhating pagkatanto na kayo ay tunay na pinakamamahal na anak ng Diyos. Dapat ninyong alisin ang ribbon, punitin ang pambalot, buksan ang kahon, at sabik na tanggapin nang may mapagpakumbabang pasasalamat ang tunay at dalisay na pag-unawa sa saligang katotohanang ito. Ang Banal na Espiritu ay maaaring magbigay ng patotoo sa inyong puso na kayo ay tunay na anak ng Kataas-taasan.

Kapag tinatanggap ninyo ang maringal na katotohanang ito sa inyong kaluluwa at nadarama kapwa ang kapanatagan at kasiyahang dulot nito, naiiba ang inyong mga pinaniniwalaan! Madarama ninyo ang Kanyang pag-ibig, maririnig ang Kanyang tinig, at makikilala ang Kanyang kamay, anuman ang nangyayari, o hindi nangyayari, sa inyong buhay.Maaari ninyong baguhin ang paraan ng pagtingin ninyo sa inyong sarili at sa iba. Ang inyong tipan sa inyong Tagapagligtas ay nagiging mas malakas, at sa pamamagitan ng pananaw ng magandang kaloob na ito, ang buhay ay nagkakaroon ng bagong ningning, kagandahan, at pag-asa.

Ipagdasal din ninyo kung talagang natatanggap ninyo ang nakapagpapabagong kaalamang ito sa kaibuturan ng inyong kaluluwa? Tatanggapin ba ninyo ang kaloob? Gagawin ba ninyo ito nang mas taimtim, mas kusang-loob, at mas masagana kaysa sa nagawa na ninyo noon—at sa ganitong paraan ay mabigyan ng lahat ng iba pang mga kaloob na kaakibat nito?

## Pagtanggap sa Kaloob na ito na Walang-Hanggang Katotohanan

Marahil ay nagtataka kayo, "Ano ang dapat konggawinupang matanggap ang kaloob na ito mula sa Diyos?" Sa katunayan, wala. Ito ay kaloob mula sa Tagapagbigay. Ito ay simpleng katotohanan lamang. Tanggapin lamang ito. KayoayKanyang anak. Minamahal Niya kayo. Huwag gawing kumplikado ito. Huwag hayaang mahadlangan ang pagtanggap ng kaloob na ito ng pag-iisip na hindi kayo karapat-dapat. Ang totoo, wala sa atin ang "karapat-dapat"—lahat ng kaloob ng Ama ay natatanggap lamang sa pamamagitan ng kabutihan, awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas,at pinakaaasam Niya na tanggapin

of this gift.

Since finding my faith in my mid-20s, I have awakened to the realisation that I truly am a son of God. The more fully I internalise this gift, the more keenly I know who I am and how completely I am loved. Some things that have helped me grow in understanding are the words of scripture, my patriarchal blessing, temple worship, serving others, expressing gratitude, and sacred prayer with my Father. I marvel at how earlier sorrow, pain, and grief in my life would have been reframed, soothed, and much of it overcome had I known this beautiful truth.

ito ng bawat isa sa Kanyang mga anak. At kapag natanto ninyo ang inyong bago o panibagong pang-unawa, kayo ay magpasalamat sa Tagapagbigay ng kaloob na ito.

Mula nang makilala ko ang Panginoon noong nasa 20 ang edad ko, napukaw ako nang matantong ako ay tunay na anak ng Diyos. Kapag mas lubos kong nauunawaan ang kaloob na ito, mas malalaman ko kung sino ako at kung gaano ako lubos na minamahal. Ang ilang bagay na nakatulong sa akin na lumago sa pag-unawa ay ang mga salita ng banal na kasulatan, ang aking patriarchal blessing, pagsamba sa templo, paglilingkod sa iba, at sagradong panalangin sa aking Ama. Inisip ko na sana ay naiba o napawi ang kalungkutan, pasakit, at dalamhating nadama ko noon kung nalaman ko lang kaagad ang magandang katotohanang ito.

## Come unto Christ and Receive

Moroni exhorts us to "deny not the gifts of God" but to "come unto Christ, and lay hold upon every good gift."You can come to Christ with confidence in His loving-kindness and receive all His gifts of joy, peace, hope, light, truth, revelation, knowledge, and wisdom—with your head held high, your arms outstretched, and your hands open, ready to receive. And you can receive these gifts because you are secure and grounded in the knowledge that you are a beloved daughter of God, you are a cherished son of God, and He has gifted you His perfect, holy Son to redeem you, justify you, and sanctify you.

Youarea child of God. This is not just a nice song we sing.Will you please accept, open, and receive this gift of knowledge and understanding from Him? Will you hold it close as the precious treasure it is? Re-receive this gift, or perhaps truly receive it for the very first time, and let it transform every aspect of your life. This is the more excellent way God has prepared for you through the gift of His Son.You really are that you might have joy!In the name of Jesus Christ, amen.

## Lumapit kay Cristo at Tumanggap

Hinikayat tayo ni Moroni na "huwag ninyong itatwa ang mga kaloob ng Diyos," kundi "lumapit kay Cristo, at manangan sa bawat mabuting kaloob."Maaari kayong lumapit kay Cristo nang may pagtitiwala sa Kanyang mapagmahal na kabaitan at tanggapin ang lahat ng Kanyang mga kaloob na kagalakan, kapayapaan, pag-asa, liwanag, katotohanan, paghahayag, kaalaman, at karunungan—nakaangat ang inyong ulo, nakaunat ang inyong mga bisig, at nakabukas ang inyong mga kamay na handang tumanggap ng kagalakan. At maaari ninyong tanggapin ang mga kaloob na ito dahil kayo ay panatag at nakabatay sa kaalaman na kayo ay minamahal na anak na babae ng Diyos, kayo ay itinatanging anak na lalaki ng Diyos, at ipinagkaloob Niya sa inyo ang Kanyang perpektong banal na Anak upang tubusin kayo, bigyang-katwiran kayo, at pabanalin kayo.

Kayoayanak ng Diyos. Hindi lamang ito isang magandang awiting kinakanta natin. Maaari bang tanggapin, buksan, at pahalagahan ninyo ang kaloob na ito mula sa Kanya? Ituturing ba ninyo ito bilang mahalagang kayamanan? Muling tanggapin ang kaloob na ito, o marahil ay talagang tanggapin ito sa kauna-unahang pagkakataon, at hayaan itong baguhin ang bawat aspeto ng inyong buhay. Ito ang higit na mabuting paraan na inihanda ng Diyos para sa inyo sa pamamagitan ng kaloob ng Kanyang Anak. Ganyan talaga kayo upang kayo ay magkaroon ng kagalakan!Sa pangalan ni Jesucristo, amen.